

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Mga bagong pampublikong espasyo mabilis na pinasisimulan sa Downtown Brampton

BRAMPTON, ON (Setyembre 4, 2020) – Tama lang para sa mahabang weekend – ang Lungsod ng Brampton, sa pakikipagtulungan sa Downtown Brampton Business Improvement Area, ay nagpasimula ng dalawang bagong maliliit na parke sa downtown para mag-enjoy ang mga residente at mga bisita.

Sa pagtupad sa paglayo mula sa iba at mga pangkaligtasang pamamaraan, isinalin ng Lungsod ang tatlong paradahang espasyo sa mga bahagi ng pampublikong upuan na kumpleto sa berdeng pananim kung saan ligtas na makapagtipon-tipon ang mga ito. Makikita ang dalawang maliliit na parke sa harap ng 38 at 40 Main Street North at 64 Main Street North (sa harap ng Vivian Lane).

Mananatili sa kinalalagyan ang mga istruktura hanggang Nobyembre 1.

Suportahan ang Lokal ng Brampton

Nagkaroon ng malaking epekto ang COVID-19 sa mga lokal na negosyo at nangangailangan ang mga ito ng suporta mula sa komunidad ng Brampton ngayon higit na magpakailanman. Noong Mayo, , inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang [Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya](#), ng Brampton na kinabibilangan ng mga aksyon para suportahan ang maliliit na negosyo, restawran at turismo. Hanggang ngayon, naglunsad ang Lungsod ng ilang bagong inisyatibo, kabilang ang kampanyang *Suportahan ang Lokal ng Brampton* at ang programang *Patio Brampton*. Kung maaari, hinihikayat ang mga residente na Mamili, Kumain, Bumili ng Reregaluhin at Suportahan ang Lokal.

Mga Quote

“Sa buong tugon ng Lungsod sa COVID-19, binago natin ang programa, mga serbisyo at mga espasyo para suportahan ang ating mga residente at mga negosyo. Mula sa pinalawak na mga espasyo ng patio (bakuran) sa mga bagong maliliit na parke, palagi tayong naghahanap ng mga bagong paraan para ligtas na makapag-enjoy ang mga tao sa pinaka-magagandang maialok ng Brampton. Itong mga bagong outdoor na espasyo sa ating downtown ay biglang lumabas na tama lang para sa mahabang weekend at hinihikayat ko ang lahat na ligtas na mag-enjoy!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Salamat sa Brampton BIA para sa kanilang pakikipagtulungan sa proyektong ito. Itong mga bagong maliliit na parke ay sumusuporta sa estratehiya ng muling pagbubukas at pagbangon ng ating Lungsod sa pamamagitan ng pagbibigay ng bago at ligtas na mga espasyong pampubliko para makapag-enjoy ang mga residente habang bumibisita sa ating mga lokal na negosyo sa downtown.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Pagpapalano at Pagpapaunlad; Pinuno, Working Group ng Mayor sa Muling Pagbubukas at Pagbangon, Lungsod ng Brampton*

“Sa panahon ng pandemic na ito, nakita natin kung gaano ka-dedikado, inobatibo at mapagmalasakit ang ating mga empleyado, mga residente at mga negosyo, Naipakita nila ang kanilang commitment sa pagsuporta sa isa’t isa at sa ating pinagsamang pagbangon. Ang pilot na programang ito ay maikli at malinaw na nagpapahayag sa diwa at ikinagagalak ko nang labis na na makitang mabilis na pinasimulan ng maliliit na mga parke na ito sa ating downtown.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Chair, Mga Serbisyo sa Komunidad, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga bagong maliliit na parke na ito ay direktang resulta ng ating patuloy na pakikilahok at mahigpit na pakikipagtulungan sa mga residente, mga negosyo, at lokal na mga stakeholder para suportahan ang ganap na pagbangon ng ating lungsod sa isang ligtas at makahulugang paraan. Gusto kong ipaabot ang aking taos-pusong pasasalamat sa ating mga partner sa Downtown Brampton BIA at sa ating team sa Lungsod na nagpabago sa mga espasyong ito para mag-enjoy ang ating mga residente at mga bisita.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang Downtown Brampton BIA ay nakikipagtulungan sa Urban Design Group ng Lungsod ng Brampton sa bilang ng mga programa sa pagbangon para sa downtown ng Brampton at labis na ikinagagalak na makita na mabuhay ang Pilot na Programa ng mga Maliit na Parke sa Main Street North sa patuloy na pagsuporta sa pagsasabuhay at pag-aktiba sa pampublikong lugar.”

- *Suzu Godefroy, Ehekutibong Direktor, Downtown Brampton Business Improvement Area (BIA)*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca